# <u>BARANGAY ALITAPTAP</u>

Ang kuwentong ito ay tungkol sa relokasyon ng mga pamilya mula sa Maynila patungo sa Barangay Alitaptap sa Sentro Arubsa noong dekada ’90. Susundan ng kuwento ang buhay ng mga ‘orig’ na salta sa liblib na lugar na ito na mistulang tinapon katulad ng malupit na kasaysayan ng lugar na tapunan ng mga pinapatay na kriminal man o hindi, at ang patuloy na pagkabulok ng barangay sa paglipas ng maraming taon.

# BARANGAY ALITAPTAP

## I

Kung sino ang nagbigay ng pangalan sa Barangay Alitaptap, walang makapagsasabi nito. Nang umusbong ito sa mapa, kinilala na ito bilang isang relocation site. Narito ang mga pamilya na inilagak ng gobyerno mula sa mga squatter area sa Maynila.

Isang malawak na talahiban na napapaligiran ng kakahuyan ang Barangay Alitaptap bago pa ito tirikan ng maliliit na bahay. Dati raw tapunan ng mga pinapatay ang Barangay Alitaptap. Lahat ng pinapatay, kriminal man o hindi na mula sa Maynila at kalapit na probinsya, diretso kaagad dito. Libre ang libing sa masukal na gubat nito.

Ang bayan naman na kinaroroonan ng Barangay Alitaptap, ang Sentro Arubsa, ay tapunan ng mga nakalayang kriminal na gustong magbagong-buhay. Sila iyong mga nanggaling sa malalaking kulungan sa Maynila na dahil nagpakabait sa 'loob' ay binigyan ng pag-asa ng gobyerno na ituwid ang landasin pagkalabas. Binigyan sila ng sari-sariling lupa para makapagsimula. Kaya pwedeng sabihin na ang Sentro Arubsa ay bayan ng mga ex-convict.

Pare-parehas ang tabas at sukat ng magkakadikit na kabahayan sa Barangay Alitaptap. Magaspang na hollow blocks ang dingding, manipis na yero ang bubong, madilim na berde ang yerong-pinto, dalawang maliit na pisngi ang pares ng bintana. Higit tatlumpung pamilya ang mga unang salta dito noong taong 1995, kabilang kami, ngunit hindi nakatiis ang marami. Nagsialisan din at bumalik sa Maynila ang kalahati sa

mga ito. Katuwiran nila, di bale nang iskwater sa pinanggalingan, mayroon namang tubig at kuryente na pwedeng pag-jumperan. Hindi katulad sa Barangay Alitaptap, madilim at magubat na nga, tuyot pa.

Nagmumula ang tubig na iniigib namin sa isang tangke na tuwing makalawang linggo lang kung kargahan ng isang malaking trak. Dito namin iniaasa ang tubig pampaligo, panluto, pansaing, at inumin. Nakasanayan na ng mga nanay na ibabad muna sa klorin ang tubig bago pakuluan at inumin para mamatay ang mga baktirya. Kaya tuwing makalawang-linggo, pila-pila ang mga kariton at ipunan ng tubig sa harap ng malaking tangke.

May isang malinis na sapa sa pinakadulo ng Barangay Alitaptap. Matutunton ito kung bababa sa bundok na papatagin din pagkalipas ng maraming taon. Nang bago-bago pa lamang ang barangay, dito naglalaba ang magkakapitbahay. Bitbit ang mga batsa, palo-palo, sabon, tabo, timba at maruruming damit, sama-sama ang magkakapitbahay sa paglalaba at paliligo sa sapa. Kapag gabi na, mga alitaptap naman ang pinapanood nilang kumukurap-kurap at kumikislapkislap sa alapaap. Sa labas ng aming mga bahay pinapalipas ang gabi sa pagkukuwentuhan, lalo ng mga kuwentong kababalaghan. Dito nag-umpisa ang malapit na samahan ng mga naunang pamilya sa Barangay Alitaptap.

Isang huwarang komunidad ang mga residente ng Barangay Alitaptap. Magkakaibigan ang magkakapitbahay. May bayanihan at nagtutulungan sa oras ng pangangailangan. Kapag may kaarawan sa isang sambahayan, tiyak na makakatikim ang lahat, gaano man kasimple ang handaan. Kapag pista, nagkakaroon ng isang

kolektibong piging. Nang magkaroon ng kuryente sa aming barangay, hindi na nawawala ang karaoke sa lahat ng okasyon, pagdiriwang, at handaan. Magdamagan ang kasiyahan. Nag-iinuman ang kalalakihan at may sariling umpukan ang kani-kanilang mga asawa.

Nang ipanganak ang Barangay Alitaptap, si Nanay Salia na kaagad ang kinilalang Kapitan. Nang kumapal-kapal na ang mga tao, nagtayo si Kapitan Nanay Salia, o tatawagin na lang natin na KNS, ng isang karindeya sa kanto ng barangay. Makikita ng lahat ng dumaraan ang pinagmamalaking karinderya ng lahat, ang Alitaptap Eatery. Ito ang kainan ng mga namamasadang drayber ng traysikel, dyipni, at bus. Siyempre pa, hindi pwedeng mawala ang karaoke. Lahat ng parokyano ay pwedeng kumanta o makikanta, ngunit sa gabi lamang nagtitinda ng alak si KNS. Nagiging mini beerhouse ang Alitaptap Eatery.

Kilala ng lahat si KNS, na hindi kailanman nakakitaan ng isang puting buhok dahil hindi ito pumalya ni minsan sa pagtitina ng paborito niyang pula. Siya rin ang takbuhan ng mga tao kapag gipit sa pera dahil nagpapautang siya na may maliit lamang na patubo. Hindi tinatakbuhan ng mga mangungutang si KNS dahil natatakot ang mga tao sa kanyang impluwensiya kapag hindi nakapagbayad. Inirereklamo niya kasi ng estafa sa barangay na siya mismo ang Kapitan.

Ngunit kung kaming mga bata noon ang tatanungin, paborito namin si KNS dahil sa pagpapauso nito ng masayang Christmas Party sa Barangay Alitaptap. Ito ang inaabangan namin tuwing bisperas ng Pasko. Walang nakakalimutang bata si KNS dahil kakaunti at magkakakilala ang lahat noon sa barangay. May palitan ng mga regalo,

kantahan, sayawan, at masasayang palaro. Pinapanood kami ng aming mga magulang. Matapos ang kasiyahan ng mga bata, susunod naman ang matatanda. Ilalabas nila ang karaoke, ang mga handa, ang malalaking lamesa. Sama-sama naming sasalubungin ang pasko. Ganito rin ang saya at ingay tuwing Bagong Taon dahil may Barangay Alitaptap Countdown na sama-samang sinasalubong ng lahat.

Si KNS ang unang nagkaroon ng makinang deepwell noong 1998 na pinag-iigiban ng buong barangay dahil tuwing makalawang linggo pa rin bago kargahan ng tubig ang malaking tangke. At bilang kaniyang regalo sa aming mga bata tuwing tag-init, inaanyayahan niya kami na magbabad sa plastik na swimming pool na pinupuno niya ng tubig na may nakalublob na hose. Kahit sino ay pwedeng sumali. Dito, kahit paglulublob lang ang nagagawa at hindi paglangoy, napapasaya kaming mga bata. Kahit papaano, hindi na kailangang magtungo sa sapa. Kahit papaano, nararanasan namin ang swimming pool.

## II

Bukod kay KNS na tinuturing na "origs" ng Barangay Alitaptap, nariyan din ang pamilya ni Mang Bulo. Aba kahit mahirap, ay kay sisipag naman ng mga anak niya, may mga nangangatulong pa sa kabilang barangay para makatulong sa pamilya; at si Mang Bulo, talagang masipag magtrabaho, siya ang taga-kumpuni ng mga alulod, bubong, tagahalo ng semento kapag may nagpapagawa ng bahay, at tagatapon ng basura sa barangay. Kahit anong trabaho ang ibigay kay Mang Bulo, gagawin niya basta babayaran siya.

Si Aling Beth naman ang may asawang seaman. Isa siya sa mga kauna-unahang nakapagpalitada ng dingding at nakapagpapintura nito, nakapagpalagay ng gate na bakal at nakapagpakisame ng bahay.

Si Kuya Roland naman ang unang nakapagpatayo ng beauty parlor sa barangay, pink and baby blue ang kulay ng kaniyang Bhabez Beauty Salon.

Nariyan din ang mag-asawang mananahi na si Aling Ester at Mang Boy kasama ang ampon nilang pamangkin na si Lovely. Lahat ng butas, tastas, patahi, basahan, damit, gown o pambinyag, kayang tabasin at tahiin ng mag-asawang ito.

Ang tiyuhin ko naman na si Mang Robert sa aming mga kabaranggay ang dakilang tagakumpuni ng barangay. Kahit anong may sira, kaya niyang ayusin – electric fan, telebisyon, makinang pantahi, motor ng washing machine, ref, o sasakyan, ilaw at kable ng kuryente. Kung kaya nga lang niyang kumpunihin ang utak ng Tita Tess na palaging kausap ang sarili ay ginawa na niya. Ngunit hindi, kaya araw-araw, gabi-gabi, kinakausap niya ito kahit parang hindi naman ito naiintindihan ng asawa niya. Unti-unting kinausap ni Tita Tess ang sarili simula nang umuwi siya mula sa Saudi. Si Tita Tess ang unang babaeng OFW sa barangay, tatlong taon itong naging domestic helper sa Saudi, mula 1995 hanggang 1998. Kapag sinusumpong ito ng matinding takot, nagtatago siya sa bisig ng asawa na para bang may tinataguan. Sinasabi niyang, takot na takot siya, nariyan na naman ang kaniyang amo, gagamitin na naman siya. Lahat ng ito, tinitiis na pakinggan ni Mang Robert magkaroon lamang ng masasandalan ang baliw na asawa dahil wala naman siya sa tabi nito noong mga panahong iyon.

Nariyan din si Mang David at ang asawa nitong si Elsie, ang pinakakontrobersyal na mag-asawa sa barangay. May edad na si Mang David, malayong-malayo sa asawa nitong si Elsie na mas bata at posturado kahit nasa loob lang ng bahay. Parang hindi nga naaarawan ang maputi nitong balat dahil nakapirmi lang lagi sa loob. Hindi ito sumali, ni minsan, sa kasiyahan ng barangay, pero si Mang David kahit tahimik at hindi mahilig uminom ng alak ay laging nariyan sa lahat ng kasiyahan. Ang tanging ginagawa lang sa loob ng bahay ni Elsie ay ang mag-alaga ng kanilang dalawang anak. Lahat ng gawaing-bahay, si Mang David ang gumagawa. Taga-igib din ng tubig si Mang David mula sa deepwell ni KNS.

Isa ang nanay ko sa mga nagpapaigib kay Mang David at naging pinakamalapit niyang kakuwentuhan. Isang araw, hindi na nakatiis ang matandang si Mang David. Napaiyak na lamang ito nang ikuwento sa nanay ko na dalawa silang lalaki na naghahati kay Elsie. Matagal na ring usap-usapan ang pagpaparada ng isang traysikel gabi-gabi sa harap ng bahay nina Mang David. Kapag wala ang traysikel sa ilang gabi, umuuwi raw si Max sa kanyang totoong asawa. Ayon kay KNS, Max ang pangalan ng may-ari nito, isang parokyano sa kaniyang Alitaptap Eatery. Kuwento na rin ni Mang David, naririnig niya ang mga ungol ni Julie kapag nagtatalik sila ni Max sa kama, habang sila ng kanilang mga anak ay magkakatabing natutulog sa sahig sa ibaba nila. Hindi niya alam kung sinasadya ba itong iparinig sa kanya, lalo na ang paghingal ng matabang si Max. Napapahikbi na lamang siya sa ganitong mga pagkakataon sa hatinggabi. Si Max ang regular na nagbibigay ng panggastos sa pamilya ni Mang David maging ang baon ng panganay na pumapasok na sa elementarya. Halos ikamatay ni

Mang David ang mga senaryong napapanood niya sa tuwing maglalambingan ang dalawa. Mala-telenovela. Sabay-sabay silang kumakain sa hapag at si Mang David ang nag-aasikaso mula sa pagsasandok ng kanin, pagpapakain sa mga bata, hanggang sa paghuhugas ng mga pinagkainan. Kaya tuwing gabi, sa umpukan ng magkakapitbahay, habang nagkikislapan ang mga alitaptap sa langit, pinagpupulutan ang buhay nina Mang David, Max at Julie, lalo na kapag nariyan at pumarada na ang traysikel sa harap ng kanilang bahay. Nang mabuntis si Elsie kay Max, umalis na si Mang David.

Nagpaalam siya sa nanay ko isang araw bago umalis. Bitbit ang dalawang anak na lalaki, nagpakalayo-layo na ito sa probinsiyang siya lang ang nakakaalam kung saan. Di naglaon, umalis na rin sa Barangay Alitaptap si Max at Elsie kasama ang isang bagong panganak na sanggol. Wala nang nabalitaan pa sa kanila hanggang sa may nakakita kay Elsie sa matandang simbahan sa bayan ng Sentro Arubsa. Malayong-malayo na raw ang itsura at awra nito sa dati na kay ganda-ganda, kay kinis-kinis. Malaki raw ang ipinayat nito, lubog ang mga pisngi, malamlam ang mga mata, at malaki ang itinanda ng mukha. Agad itong pinagpiyestahan sa mga umpukan kaya madaling kumalat ang kuwento, ngunit silang mga "orig" na lang ang nakaugnay sa kuwento; iyong mga bagong salba ay nagtanong ng, "Sino ba ang mga 'yon?" at inulit na naman ang kasaysayan ng love triangle tragedy sa Barangay Alitaptap.

## III

Malaki na ang pinagbago ng mukha ng aming Barangay Alitaptap makalipas ang maraming taon. Nagkaroon na ng sariling linya ng kuryente at tubig. Marami na rin ang natutong mag-jumper sa mga bahay na mukhang mayroong pambayad ng kuryente. Indikasyon ng pag-unlad ng pamumuhay ang pagpapaganda ng bahay, pagpapapintura mula sa loob hanggang sa labas, pagpapataas ng kisame at gate ng bahay, pag-aalaga ng mababalbon na aso, kakaibang kulay ng pusa, o maski dagang costa, hamster, kuneho o love birds. Nadagdagan ng panibagong mga relocation site sa bayan ng Sentro Arubsa. Dumagsa ang mga bagong salta sa Barangay Alitaptap. May mga paupahan na ring umusbong na ang karaniwang umuupa ay mga drayber o kundoktor ng nag-iisa at lumalaking terminal ng bus pa-Maynila – ang Firefly Bus Line.

Dumami na rin ang mga pulubing pamilya na nakatira sa bangketa, mga batang kalabit-penge kung tawagin, mga babae at lalaki na ang kausap ang sarili. Tumaas ang insidente ng nakawan, holdapan, panggagahasa, at palitan ng droga. Ito ang mga itinuring na Barangay Alitaptap Scare.

Kung dati, noong panahon ng mga "orig", nakakapag-iwan ang mga nanay namin ng mga sinampay o tsinelas sa labas ng bahay sa hatinggabi, ngayon hindi na. Hindi pinapatawad ng mga magnanakaw ultimo walang kaparis na tsinelas o hanger sa sampayan. Nilolooban ang mga bahay na kadalasang walang tao dahil nasa trabaho o eskuwela.

Sinisisi ni KNS ang mga bagong salta sa barangay at mga relocation site sa Sentro Arubsa. Palibhasa daw kasi, pagnanakaw at panghoholdap ang trabaho sa Maynila, kaya ito rin ang ginawang kabuhayan pagdating sa kanilang barangay at

bayan. Wala naman kasing ibinibigay na trabaho sa mga nare-relocate. Isang malaking kahugkangan ang livelihood projects na ipinangako ng gobyerno. Kaya mas naging mahigpit si KNS. Kinilala niya ang lahat ng bagong residente. Nag-background check sa mga bagong mukha, nagpasumite ng profile sheet, nagpanukala ng curfew at magdamag na pinagroronda ang mga kagawad ng barangay.

Dumami na ang mga beauty parlor with spa and massage kaya marami nang kakumpetensya ang Bhabez Beauty Salon ni Roland. Karamihan na rin ng telebisyon sa mga bahay ay flatscreen na at madali na ring palitan ang mga sirang kagamitan sa bahay dahil buwan-buwang may Super Sale sa katatayong Super Duper Market sa Sentro Arubsa, kaya nawalan na ng kukumpunihing sirang gamit si Tiyo Robert. Marami na ang nakakaluwag-luwag dahil bawat isang pamilya ay tiyak na mayroong nanay, tatay, ate, kuya, tiyo, tiya, pamangkin, pinsan, ninang, o ninong na OFW.

**IV**

Ang sabi ni Mayor Feliciano Roque, tuloy-tuloy na ang pag-unlad sa Sentro Arubsa sa ilalim ng kanyang termino. Magkakaroon na ng mga subdivision, ng exclusive private school para sa mga nakatira sa subdivision na may gate at guwardiyang nagbabantay, at di magtatagal magkakaroon na rin ng mga high-rise condominium at mall. Maghintay-hintay lamang. Kaya sana hayaan siyang magtuloy-tuloy ang termino para maisakatuparan ang lahat ng ito. Kabi-kabila ang ginagawang kalsada, sinesementong mga bukirin, at pinapatag na mga bundok na pagtatayuan ng mga nasabing proyekto. Ga-higante ang mga tarpaulin na: *"This Is Where Your Taxes Go"*,

*"The Future of Sentro Arubsa!"* at *"Sentro Arubseño, Mahal Ko Kayo! From: Mayor Feliciano Roque, Tita Luz Roque, and baby daughter Chloe Roque".*

## V

Sa kabila ng mga naipangakong proyekto ng kaunlaran sa bayan ng Sentro Arubsa, nananatili pa ring isang relocation site ang aming Barangay Alitaptap. Pero kung kaunlaran din naman ang pag-uusapan, ang mag-asawang Letty at Mio na ang pinakasikat dito. Maituturing na "origs" ang pamilya ni Letty. Kakakasal pa lamang ng mag-asawa nang maging salta sa Barangay Alitaptap na galing Maynila rin. Nagkaroon sila ng tatlong anak. Dating drayber ng traysikel si Mio at si Letty naman ay nagtitinda sa labas ng kanilang bahay ng meryenda – palamig, tokneneng, pisbol, kikiam, minsan halo-halo o kaya saging con yelo, turon o banana cue, hanggang sa naging flavoured shake nang nagkaroon sila ng blender at ngayon ay mayroon na siyang sariling bersyon ng milk tea shop na Le-Tea ang pangalan na katabi ng Alitaptap Eatery ni KNS sa kanto ng Barangay Alitaptap.

Rags to riches ang kuwento ng mag-asawa. Ang pamilyang ito ang unang nakapagpataas ng bahay. May tatlong palapag na ngayon ang kanilang bahay, may magagandang muwebles at mayroon na rin silang tatlong sasakyan. Masuwerte nga ang number three para sa mag-asawa. Binili nila ang tatlong katabing bakanteng bahay kung kaya't kitang-kita kung gaano katayog ang kanilang bahay kumpara sa aming lahat na bungalow lang. Sa ibaba ang ginawang parking lot dahil wala namang malalaking lote sa barangay.

Mapipintog na ang mga pisngi ng tatlong anak ng mag-asawa na sina Jan-Jan, Len-Len, at Ken-Ken na dati rati'y sinanay na damihan ang sandok ng kanin sa kakaunting ulam para mabusog. Ngayon, hindi na puwedeng mag-ulit ng ulam sa hapag-kainan nila dahil mas naging mapili ang tatlong bata. Sa buong Barangay Alitaptap, sila lang ang mga batang nag-aaral sa isang pribadong eskwelahan na nasa munisipyo pa ng Sentro Arubsa. Araw-araw, hatid-sundo sila ng kanilang Daddy na dating Tatay lang.

Hindi palaisipan sa aming lahat ang dahilan ng pagyaman ng mag-asawa. Hindi naman sila nanalo sa lotto. Pero may negosyo sila ng pagawaan ng pekeng pera, pekeng libro, pekeng sertipiko, pekeng dokumento, at lahat ng pwedeng pekein sa aydentidad ng tao maliban na lamang sa plastic surgery, pihadong kayang trabahuin ng mag-asawa. Sa ikatlong palapag ng bahay nito makikita ang mga makina na ginagamit sa paggawa ng pekeng pera. Bultuhan ang mga pekeng isang libong piso na kanilang ibinebenta sa  Kamaynilaan sa halagang tatlong-daang piso. Limang daan naman kung rush ang pagawa. Madalas ding makita ang mga pulis sa kanilang bahay na kainuman at mga bagong kumpare ni Mio.

Naging matalik na magkaibigan si KNS at Letty hindi lang dahil sa magkatabi ang puwesto ng kanilang mga negosyo kundi dahil si KNS ang isa sa mga naging rekruter ng mag-asawa. Kung may kailangan ng trabaho, lumapit lang kay KNS at siya ang magrerekomenda kay Letty, na "Madam" naman kung tawagin sa barangay. Mabilis na nakakapagpaalis ng mga babaeng domestic helper papuntang Middle East ang mag-asawang talagang partners-in-crime, in sickness or in health, for richer to richest.

Ipinagmamalaki ng mga itong may malakas silang kapit sa Department of Filipinos Going Abroad (DFGA) at may special lane sa airport ang kanilang mga paalisin kaya bawal ang tatanga-tanga doon dahil miyentras na magkamali ng pipilahan ay siguradong bulilyaso ang sistema ng operasyon. Nakakapagpaalis sila ng labinlima hanggang dalawampung magiging OFW araw-araw. Ang mga papeles na ginagamit ay sila rin ang gumagawa, mula sa Birth Certificate, diploma, pasaporte, at iba't ibang uri ng ID. Mababa na ang dalawang-daang libong piso na kita nila sa loob ng isang buwan, tax free.

Isang livelihood project ang ilegal na negosyo ng mag-asawa para sa mga ka-barangay. Isa ang nanay ko sa mga namamasukan sa kanila. May tagatupi ng papel sa mga pekeng libro, tagagawa ng pekeng pera, tagalinis ng bahay, tagalaba ng damit, taga-ayos ng mga makina, tagalinis ng kulungan at tag-aalaga ng manok na pansabong ni Mio, at tagalinis ng mga sasakyan nito. May mga aprentice din si Mio na tinuturuan niya kung paano gumawa ng pekeng pera at pekeng sertipiko.

Tuwing Pasko at Bagong Taon, umaakyat si Madam Letty sa terasa ng kanilang mataas na bahay habang nag-aabang ang mga manggagawang kapitbahay sa ibaba. Magpapaagaw siya ng pera na kulay kahel, pula, at lila. Nagiging ninang at ninong ng lahat ang mag-asawa kapag Pasko. Namimigay sila ng mga regalo sa kanilang mga kapitbahay – tuwalya, sabon, shampoo, dalawang de-latang sardinas o corned beef, isang plastic ng hotdog, keso, noodles ng ispageti, elbow macaroni, nata de coco at kaong na pang-fruit salad, at hamon naman para sa malalapit nilang kaibigan. Isang malaking charity work ang Barangay Alitaptap para sa mag-asawang Letty at Mio. Ika

nga nila, “Share your blessings.” Ang fireworks at mga paputok naman nila ang pinapanood pagsapit ng alas-dose kapag Bagong Taon. Ilang minutong magpapasiklab ang makukulay na firework sa langit at magpapalakpakan ang lahat ng nakikinood. Si Madam Letty na ang reyna ng Barangay Alitaptap. Siya ang pumalit sa mga pinapanood na mga alitaptap sa gabi noong kakausbong pa lamang ng barangay. Ang kayamanan ng mag-asawa ang kumikisklap at kumikinang sa mga mata ng marami.

Minsan kinuha ni Mio si Tiyo Robert na mag-ayos ng nasirang makina na ginagamit sa paggawa ng pekeng pera. Palibhasa’y prinsipyado, tinanggihan ng huli ang trabaho at sinabing may lakad siya. Napagtapos ni Mang Robert ng kursong engineering ang panganay at pinsan kong si Mia at nang grumadweyt ay siya namang nagpaaral sa kapatid nitong si Dory.

Nang pumutok ang balita tungkol sa pork barrel ng mga politiko na ginagamit sa mga gawa-gawang proyekto ng gobyerno at mga pekeng NGO, naging usap-usapan ang mag-asawa ng isang grupo ng magkakapitbahay na hindi masikmura ang pagyayabang ng mga ito sa ilegal nilang mga gawain. Sindikato na nga raw ang negosyo ng mag-asawa, ngunit walang makapagsumbong dahil mismong pulisya ang pumoprotekta sa mga ito. Nagpatay-malisya lang si Madam Letty habang pinanonood sa telebisyon ang milyong taumbayan na nagsama-sama para singilin ang gobyerno na nagwawaldas ng kanilang buwis. Sa isip-isip niya, “Ano namang pakialam ko? Yumaman ako na hindi nagbabayad ng buwis! Pwe!” At inilipat ang estasyon sa paborito niyang Koreanovela.

Nang magbukas si Madam Letty ng panibagong negosyo, sina Mareng, Bendang at Lovely ang napili niyang mag-pioneer dito. Magkakababata kami nila Mareng at Bendang. Kami iyong mahihilig maglalaro ng luto-lutuan at titser-titseran. Tinuruan sila ni Madam Letty na gumamit ng computer, magbukas ng camera at makipag-chat sa mga dayuhan. Noong una, takot na takot gumamit ng computer ang mga dalaga. Kaya bago makipag-chat, si Madam Letty muna ang nag-aayos. Iniiwanan niya sa maliit na kuwarto ang tatlong dalaga kapag maayos na ang mga camera at nariyan na ang dayuhang kausap. Nang maglaon, natuto na rin ang tatlo na walang tulong ni Madam Letty.

Normal na silang nakakakuha ng dolyares mula sa mga ka-chat na dayuhan matapos ang paghuhubad sa harap ng webcam. Ang katuwiran nila, hindi naman nahahawakan ng kausap ang kanilang katawan, nakikita lang, kaya wala raw masama doon. Kakaibang luto-lutuan at titser-titseran ang nilalaro ng mga kababata ko.

Si Lovely naman, ang pinakabata sa kanilang tatlo, kimi pa ring kumilos at hindi makabasag-pinggan kahit alam na ng buong Barangay Alitaptap ang trabaho. Katatapos lang ni Lovely ng hayskul at dahil hindi na kayang pag-aralin ng tiyo at tiya niya, tinanggap na ang trabaho na binigay ni Letty kesa ang mangatulong sa patahian. Minsan, ikinuwento niya kay Jeboy, na kanyang nobyo, ang pinapagawa ng kausap sa computer. Kung ano-anong bagay raw ang pinapapasok sa ari niya – bote, saging, talong, daliri, payong, habang nagdo-droga ang kausap. Galit na galit si Jeboy at nanliit sa sarili ngunit ayaw naman niyang pahintuin ang nobya dahil nakikinabang din naman siya kapag nagpapadala ng pera ang mga ka-chat na dayuhan. Hanggang sa nabuntis

ni Jeboy si Lovely. Tumigil lamang siya sa pakikipag-chat nang malapit nang manganak. Mas malaki nga raw ang kinita niya nang nagbuntis dahil bumilog at lalong pumintog ang kanyang suso at balakang. At sadyang mayroong mga dayuhan na gusto ng buntis na naghuhubad sa camera. Nagpaalam siya sa amo na babalik na lang pagkapanganak.

Iyong unang tatlong kompyuter na sinimulan ni Madam Letty sa isang maliit na kuwarto sa bahay nito ay nadagdagan nang nadagdagan. Ordinaryong computer shop ang nakarehistro sa pekeng business permit ng cybersex shop na ito, na siyempre ay gawa rin ng mag-asawa. Nilagyan nila ng maliliit na partisyon ang buong palapag na nagsilbing cubicles at ipinuwesto sa loob ang tig-iisang computer, camera, at mga mahahabang bagay na maaaring gamitin sa "paglalaro" ng mga magkakausap. Hindi na lamang naging limitado sa mga babae ang mga espasyo. Nagkaroon ng shifting schedule para sa mga bakla at binatang totoy pa rin kung titignan ang mapapayat at nagsisimulang bumukol na mga braso. Iba-iba na kasi ang hinihingi ng kliyente. May mga humihiling ng baklang cross-dresser o ng tinedyer na lalaki.

Lumakas ang Pera Padala sa bayan kaya nagkaroon na ng isang mini-branch nito sa kanto ng Barangay Alitaptap na katabi ng Le-Tea. Pumustura na rin ang mga nagtatrabaho sa cybersex café ni Letty. Nakakabili na sila ng mga bagong damit, pabango, clone ng nauusong cellphone, sariling laptop o kaya computer. Nagsisimula nang magpa-renovate ng bahay ang ilan. Iyong mga kabataang lalaking empleyado ni Madam Letty sa cybersex café ay nakakabili na ng motorsiklo o kaya traysikel katulad na lang ni Kiko na kakagradweyt lang ng hayskul pero may sarili nang motorsiklo. Iyon nga lang, matapos ang isang linggo, dinistrongka ang bakal na ipinagawa niyang pang-

lock at binitbit ng mga  magnanakaw ang kanyang motorsiklo. Kinabukasan, nahulog ang kanyang mga mata sa nakita, wala na ang bagong pundar, ni hindi niya namalayan na ninanakaw na pala nang nagdaang gabi. Doble kayod tuloy si Kiko para bayaran ang buwan-buwang hulog sa ninakaw na motorsiklo at makabili sana ng isa pa. Nagtatrabaho siya maski Linggo.

## VI

Kailan lang, nagsagawa ng beautification campaign sa barangay hall. Bagong pintura na ito at nilagyan ng isang malaking kompyuter na magsisilbing mata sa buong komunidad. Abalang-abala si KNS at ang mga kagawad sa pagroronda habang ikinakabit ang mga bagong CCTV sa lahat ng kanto at eskinita ng Barangay Alitaptap. "Bagong proyekto ng seguridad mula kay Meyor," ayon kay KNS.

Wala na nga ang dating mahigpit na samahan ng mga taga-Barangay Alitaptap. Wala na ang masasayang selebrasyon tuwing pista, pasko, o bagong taon. Napalitan na ito ng pagkakanya-kanya dahil marami na rin ang bagong salta, marami na ang bagong mukha, makapal na makapal na ang profile sheet ng mga residente sa barangay hall. Matatanda na ang dating "origs", ang ilan sa kanila ay sumakabilang-buhay na sa iba't ibang kadahilanan at karamdaman, pero nanatiling mahirap. Kaming mga magkakalaro noon ng patintero, tagu-taguan o bahay-bahayan, na nagtatampisaw sa isang pekeng swimming pool ni KNS ay hindi  na nagpapansinan ngayon kahit may ilan na nakakatanguan pa rin. May mga kababata akong naging istambay at adik sa droga,

may mga naging magnanakaw na nakukulong, nakakalaya, nakukulong ulit, hanggang sa patayin na lamang ng mga unipormadong lalaki dahil labas-pasok lang sa kulungan. May mga kababata akong babae na nabuntis nang maaga at nakipaghiwalay sa mga asa-asawa at nagkaroon ulit ng bagong pamilya at inulit na naman ang walang hanggang hiwalayan at balikan dahil ito ang madalas na mapanood na balita sa mga artista sa telebisyon at teleserye. May mga nagtatrabaho sa pabrika at fastfood sa bayan, ang iba naman katulad ko na kahera sa bagong tayong supermarket sa bayan. May mga tindera at tindero palangke. May mga nakapag-aral at naging propesyonal. May mga umalis at hindi na bumalik. May mga naging OFW.

## VII

Isang maalinsangang gabi, buwan ng Abril, ginising kami ng makapal na usok at hiyawan sa buong Barangay Alitaptap. Nagkalampagan ng pintuan ang magkakapitbahay, nag-iyakan ang mga bata, nagtakbuhan ang lahat palayo sa pinagmumulan ng lumalaking sunog. Kanya-kanya kaming bitbit ng kung anong mahahawakan ng kamay upang makapagsalba ng kahit anong gamit. Bitbit ng mga nanay ang kanilang mga anak at bag ng mga damit na mabilis na nakuha sa aparador, plantsa, electric fan, mga muwebles. Napuno ng hiyawan, takbunan, at tulakan ang malilit na kalye. "Buhusan niyo ng tubig!" "Tumawag ng bumbero!" "Kap! Kap!" "Ang anak ko!" "Diyos ko!" "Putangina niyo, bilisan niyo'ng takbo!" Bitbit ng mga tatay ang kahit anong kayang hablutin at buhatin ng mga kamay. Ang mga nagbitbit ng mga santo ay nagdarasal habang tumatakbo na sana ay maapula ang apoy mula sa

pinakamalaking bahay sa aming barangay. Kami ng nanay ko ay hindi na nagdalawang isip na tumakbo kasama ng aso naming si Blacky. Mabuti na lamang at mabilis na nakalabas si nanay sa bahay na iyon. Mabilis ang paglamon ng apoy sa dikit-dikit na kabahayan.

Matagal pa bago dumating ang mga bombero na nagmula pa sa bayan. Pinanood namin ang pagkatupok ng aming mga bahay. Impiyerno ang buong barangay. Kabilaan ang mga sumasabog na LPG. Mabilis na gumapang ang apoy mula sa bahay ng mag-asawang Mio at Letty nang sumabog ang mga makinang panggawa nila ng mga pekeng pera at libro. Tinupok nito ang maliliit at dikit-dikit na kabahayan sa kanilang ibaba. Kahit ang mag-asawa ay hindi nailigtas ang malaki nilang bahay o ang magagara nilang sasakyan. Kaming mga residente ay nagpalipas ng magdamag sa pinakamalapit na pampublikong eskuwelahan. Lahat kami ay nagpantay-pantay sa pagpila para sa lugaw na magpapainit ng aming mga sikmura habang iniiwan ng matatalim na tingin ang mag-asawang dahilan ng lahat ng ito.